


Ang Makasama
sa Pangangalaga
ng Children's
Aid Society



York Region
Children's Aid Society

Pangalan ng Manggagawa:

Telepono: 905-895-2318 o
1-800-718-3850 ext. _____

Website ng ahensya:

www.yorkcas.org

Alam namin na pinakamabuti para sa mga bata ang maging bahagi ng isang pamilya. Layunin at paniniwala ng Children's Aid Society na ang lugar ng mga bata ay ang tahanan kasama ng kanilang pamilya sa bawat pagkakataon na posible. Ang ibig sabihin ng pagtulong sa bata ay ang pagtulong at pagsuporta sa kanilang pamilya— lalo na kung nasa panahon ng kahirapan ang kanilang pamilya. Ang aming trabaho ay upang ma-suportahan ang mga bata at ang kanilang pamilya upang makahanap o magka-access sa mga serbisyo sa kanilang komunidad upang matulungan silang manatiling magkakasama.

Kapag Hindi Ligtas ang Isang Bata

Kapag nalaman ng Children's Aid Society na hindi ligtas ang inyong anak, o nanganganib na maging hindi ligtas, ito man ay pisikal, emosyonal, o mula sa pagpapabaya, maaaring ilipat ang inyong anak sa ibang lugar na ligtas. Kapag nakita ng manggagawang naka-assign sa inyo na makikinabang ang inyong anak kapag siya ay pansamantalang kukunin sa inyong tahanan, ginagawa namin ang buo naming makakaya upang manatili ang inyong anak na kasama ang ibang kamag-anak o kaibigan. Ito ay tinatawag na "kinship arrangement" o paninirahan kasama ang mga taong malapit sa loob ng bata. Ang iba tao, gaya ng mga kapit-bahay, guro, o coach, na nakakakilala sa inyong anak ay maaari ding magbigay ng plano upang maalagaan ang inyong anak at ito ay maituturing din na kinship arrangement. Kung hindi agad maibibigay ang opsyong kinship arrangement, maaaring mailagay ang inyong anak sa isang foster na tirahan.

Ano ang Susunod na Mangyayari

Makikipagtulungan sa inyong pamilya ang manggagawang naka-assign sa inyo upang gumawa ng plano upang matugunan ang mga alalahanin at muling makapagtatag ng ligtas na tahanan para sa inyong anak. Ang aming plano ay makikipagtulungan sa inyo upang matiyak na makatira nang ligtas ang inyong anak kasama ang inyong pamilya.

Mga Karapatan ng Magulang

Kung ilipat man ang inyong anak sa ibang lugar na hindi ninyo tahanan, kailangan naming kumuha ng kautusan ng korte na nagpapahintulot sa inyong anak na manatili sa pansamantalang pangangalaga ng Children's Aid Society. Mayroon kayong karapatan, at iniimbitahan na kumuha ng abogado na magrepresenta sa inyo sa prosesong ito. Kung hindi ninyo kayang magbayad ng abogado, pwede kayong humingi ng tulong sa Legal Aid Office (1-800-668-8258). Kung hindi kayo makakakuha ng abogado, pwede kayong humiling na makipag-usap sa Duty Counsel (abogadong walang bayad na galing sa korte) sa araw sa korte. Upang makipag-usap sa Duty Counsel sa araw sa korte, pinakamabuti na makarating nang maagang-maaga upang mailagay ang pangalan sa listahan dahil maaaring maraming naghihintay. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.legalaid.on.ca.



Pagbisita sa Inyong Anak

Gagawa ng plano sa pagbisita sa inyo ng inyong anak sa lalong madaling panahon. Magaganap ang mga pagbisita sa isa sa mga tanggapan ng Children's Aid Society. Maaaring lumipat ang mga pagbisita sa komunidad kung ang mga plano na ginawa ninyo at ng manggagawang naka-assign sa inyo ay natutupad.

Pagsali sa mga Pagkikita para sa Plano ng Pangangalaga sa Inyong Anak

Ang pagkikita para sa Plano ng Pangangalaga ay kung saan pinag-uusapan ang mga plano at kung saan ginagawa ang mga ito upang masuportahan ang inyong anak at pamilya sa pinakamabuting paraan. Bilang magulang ng inyong anak, napakahalaga ang inyong pagdalo sa mga pagpupulong na ito. Pag-usapan ninyo ng manggagawang naka-assign sa inyo kung paano kayo makakasali.

Mga Manggagawang Kasali sa Pangangalaga ng Inyong Anak

- Isang **Intake o Manggagawa ng Serbisyong Pampamilya** ang ini-assign upang suportahan ang inyong pamilya. Magkasama ninyong pag-uusapan ang kaligtasan at kapakanan ng inyong anak, at gagawa kayo ng plano na gagawin upang muli kayong magkaisa.
 - Isang **Manggagawa ng Serbisyong Pambata** ang direktang makikipagtulungan sa inyong anak habang nakasailalim sila sa pangangalaga ng Children's Aid Society. Ang manggagawang ito ay may responsibilidad na siguraduhin na ang mga pisikal, emosyonal, pag-iisip, pang-edukasyon, pangkaugalian, at pangkultura/pang-espiritwal na pangangailangan ng inyong anak ay natutugunan habang sila ay pinangangalagaan.
 - Isang **Manggagawa ng Kinship** ang ini-assign upang tumulong sa pagsuporta ng pamilya na nangangalaga sa inyong anak sa isang kinship na kalagayan.
 - Isang **Manggagawa Foster na Pangangalaga** ang ini-assign upang suportahan ang mga pansamantalang nangangalaga o foster na nag-aalaga sa inyong anak kung nakasailalim sila sa pangangalaga ng Children's Aid Society.
-

Ang Inyong mga Karapatan

May karapatan kayong:

Tratuhin nang may paggalang at sa paraang may pagkakilala sa kultura.

Alukin ng tagasaling-wika (interpreter) sa panahon ng anumang pagbisita at sa lahat ng pakikipag-usap sa Children's Aid Society

Sumali sa pagpapaunlad ng mga plano ng serbisyo para sa inyong pamilyay

Sumali sa pagpapasya ukol sa inyong pamilya

Umasa sa mga serbisyo sa propesyonal at napapanahong paraan

Masagot ang inyong mga tanong at na matawagan kayong muli kaagad

Malaman ang tungkol sa lahat ng mga opsyon at negatibong resulta ng anumang desisyon o aksyon

Maunawaan ang prosesong legal at ng korte kung tama ito sa inyong sitwasyon

Malayang magbigay ng komento o sabihin ang mga alalahanin/reklamo

Mapanatiling kompidensyal ang inyong impormasyon

Mabigyan ng access sa inyong impormasyon sa inyong record kapag hiniling ninyo



Ang Inyong mga Responsibilidad

- Tratuhin ang mga manggagawa at kinatawan nang may paggalang
- Agad na makipag-usap sa mga manggagawa at kinatawan
- Makipag-usap sa manggagawang naka-assign sa inyo kung mayroon kayong mga tanong o reklamo
- Magbigay ng legal na pagkakakilanlan (hal. lisensya sa pagmamaneho)

Katutubong Pagkakakilanlan at Angkan

Kung kayo at ang inyong anak ay tinukoy na kasama sa First Nations, Inuit or Métis, o kung mayroon kayong mga katutubong angkan, iuugnay namin kayo sa **Dnaagdawenmag Binnoojiiyag Child and Family Services**, na isang ahensya para sa kapakanan ng katutubong bata at pamilya na naghahatid ng mga nararapat na serbisyong pangkultura at espiritwal "sa mga Katutubong komunidad.

Kausapin sila sa:

 705-295-7135

o bisitahin ang:

 www.binnoojiiyag.ca



Paano Magreklamo

Gusto naming maintindihan ang inyong mga alalahanin at makipagtulungan sa inyo upang malutas ito. Mangyaring sabihin ang inyong problema sa manggagawang naka-assign sa inyo sa lalong madaling panahon.

Para sa impormasyon ukol sa paraan ng pormal na pagreklamo sa Children's Aid Society, pakibista ang aming website:

www.yorkcas.org/client.asp

Kausapin kami

Foster na pangangalaga

fostering@yorkcas.org

Pag-aampon

adoption@yorkcas.org

Pag-boboluntaryo

volunteering@yorkcas.org

Mga Presentasyon

speakers.bureau@yorkcas.org

Mag-abuloy

www.yorkregionchildrensfund.org

Trabaho

human.resources@yorkcas.org



I-follow kami sa Twitter!

[@YorkRegionCAS](https://twitter.com/YorkRegionCAS)